

H E K A S I 5

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)
Distance Education for Elementary Schools
SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS



ANG EDUKASYON SA PANAHOON NG ESPAÑOL



Department of Education
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
2nd Floor Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

Revised 2010

by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:

“No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit.”

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (<http://lrmds.deped.gov.ph/>) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.




GRADE V

ANG EDUKASYON SA PANAHOON NG ESPAÑOL



Ang Pagdating ng mga Misyonero

i



Tingnan mo ang hagdanan ng pagdating ng iba-ibang pangkat ng mga misyonero sa Pilipinas. Malaki ang bahaging ginampanan nila sa sistema ng edukasyon. Naging pangunahing layunin nila ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa bansa. Upang maisakatuparan ito, nagtatag sila ng iba't-ibang paaralan sa bansa.

Anu-ano ang mga paaralang itinatag nila sa Pilipinas? Paano ang sistema ng edukasyon sa panahon ng Español? Ito ang aalaman natin sa modyul na ito.

Game ka na ba?





PAGBALIK-ARALAN MO

Sa nakaraang modyul, pinag-aaralan natin ang uri ng edukasyon ng mga unang Pilipino. Masasagot mo kaya ang pagsubok na ito? Kumuha ka ng papel at isulat ang iyong sagot.

Panuto: Isulat ang (✓) kung tumutukoy sa edukasyon ng mga ninuno at (X) kung hindi.

1. Sa tahanan unang natutuhan ang sistema ng edukasyon.
2. May dalawampu't walong titik ang alpabetong Pilipino.
3. Inihahanda sa buhay may – asawa at gawaing – pantahanan ang mga babae.
4. Gumamit ng pluma at makinis na papel sa pagsulat.
5. Tinuturuan ang mga lalaki ng pag-iigib ng tubig, pagsibak ng kahoy, pangangaso, pagsasaka, at iba pa.

Nasagot mo bang mabuti ang pagsubok na ito?

Kung gayon nakahanda ka na sa kasunod na aralin natin.

Batay sa kasaysayan ng ating bansa, napasa-ilalim tayo sa pamamahala ng mga Español sa loob ng 333 taon.



PAG-ARALAN MO

Natatandaan mo pa ba ang pinag-aralan mo sa nakaraang modyul tungkol sa sistema ng edukasyon ng ating mga ninuno?





Nang dumating ang mga Español sa ating bansa nagkaroon ng pagbabago ang sistema ng kanilang edukasyon. Ang di-pormal na edukasyon sa panahon ng ninuno ay naging pormal. Tingnan mo ang larawan upang maunawaan mo kung bakit sinabing ang di pormal na sistema ay naging pormal.



Maraming paaralan ang itinatag ng iba't-ibang misyonero sa ating bansa. Unang naitatag ang mga paaralang parokyal at ang mga paring misyonero ang naging mga unang guro. Itinuro dito ang relihiyong Kristiyanismo, wikang Español, pagsulat, pagbasa, aritmetika, musika, sining at paggawa. Ipinasasaulo ang aralin sa mga mag-aaral maging ang mga dasal.

May mga paaralang itinayo para sa mga lalaki at babae. Ang unang paaralang itinatag para sa mga babae ay ang Sta. Potenciana noong 1589. Ang naitatag naman para sa lalaki ay ang Kolehiyo ng San Ignacio sa Maynila noong 1589.

Binigyang diin sa edukasyong primarya ang pagtuturo ng Doctrina Cristiana at mga pagsasanay sa pagbasa ng alpabetong Español at wikang Filipino.



Nagtatag din ng mataas na paaralan o sekondarya upang maragdagan ang kaalaman ng mga mag-aaral. Ang relihiyon at wikang Latin ang itinuro sa halip na wikang Español.

May mga paaralang bokasyonal na naitatag din layunin nitong ituro ang iba't-ibang karunungan tulad ng pananahi, paglililok, sining sa pagpipinta at pagdaragat. Nang naitatag na paaralan sa pagsasaka noong 1889 sa Maynila at paaralan sa mga sining at hanapbuhay sa Pamapanga noong 1861.

Nagkaroon din ng mga pamantasan tulad ng Unibersidad ng San Ignacio, Nuestra Señora del Rosario na naging Unibersidad ng Santo Tomas, at marami pang iba.

Dahil sa pangangailangan ng mga guro para sa paaralang primarya at sekondarya o mataas na paaralan, nagbukas ng mga paaralang normal para sa mga kalalakihan at kababaihan.




Doctrina Christiana, en
lengua española y tagala, con
regida por los Religiosos de las
ordenes Impresa con licencia, en
S. Gabriel de la orden de S. Domingo
En Manila. 1593.

Ano ang masasabi mo sa sistema ng edukasyon sa panahon ng Español?
Naiiba ba ito sa sistema ng ating mga ninuno?



Pag-aralan mo ang balangkas na ito.



1. Anu-ano ang mga antas ng pag-aaral sa panahon ng Español?
2. Anu-ano ang mga itinuro sa mga paaralang primarya/sekondarya?
3. Bakit nagtatag ng mga paaralang bokasyonal?
4. Bakit nagtatag ng mga paaralang normal?
5. Bakit masasabing naging pormal ang sistema ng edukasyon sa pagdating ng mga Español?



PAGSANAYAN MO

May pagkakaiba at pagkakatulad ba ang sistema ng edukasyon sa panahon ninuno at panahon ng Español?





Subukin mong gawin ang tsart sa ibaba. Gawin mo ito sa kuwadernong sagutan.

Sistema ng Edukasyon sa Panahon ng		
	Ninuno	Español
Paaralan		
Mga Guro		
Mga Itinuro		
Wikang Panturo		

Saan nagkakaiba at nagkakatulad ang sistema ng edukasyon sa panahon ng ninuno at panahon ng Español?

Nagkaroon ba ng pagbabago ang edukasyon ng mga ninuno nang dumating ang mga Español?



TANDAAN MO

- Nagkaroon ng pormal na edukasyon nang dumating ang mga Español sa bansa.
- Maraming paaralan ang naitatag ng mga misyonaryo sa ating bansa.
- Nagbukas ng mga paaralang normal para sa mga lalaki at babae na nais maging guro.





ISAPUSO MO


Natutuhan mo na may tatlong antas ng pag-aaral tungo sa pagtatayo ng matagumpay na edukasyon. Ngayon pa lang ay nangangarap ka nang maging guro, doctor, abogado, atbp. Nasa unang hakbangan ka pa lang ng pag-aaral at marami pang taon ang magdaraan

Anu-ano ang nararapat mong gawin. Sumulat ka ng mga pansariling pangako.

Ang Aking mga Pangako

A graphic of a white sheet of paper with rounded corners, partially unrolled from a grey roll on the right side. The text "Ang Aking mga Pangako" is centered on the paper.


Ang mga pangako mong ito ang lagi mong isapuso upang makamit mo ang tagumpay. Palagi mong isaisip ang salawikaing ito:





GAWIN MO

Pag-aralan mo ang timeline. Sagutin mo ang mga tanong na kasunod nito. Gawin mo ito sa iyong kuwadernong sagutan.



Ang timeline na ito ay nahahati sa tigsasampung taon. Bawat guhit ay tumatayo ng isang taon.

Ipagpalagay natin na ikaw ay ipinanganak noong 1594.

- Noong sumapit ka sa ikapitong gulang ipinasok ka ng iyong magulang sa unang baitang ng primarya. Anong taon ito?
a. 1601 b. 1602 c. 1600 d. 1610
- Kung apat na taon ang mataas na paaralan o sekondarya, Anong taon ka nagtapos?
a. 1610 b. 1609 c. 1601 d. 1608
- Kung apat na taon naman ang kursong pagkaguro, sa anong taon ka nagtapos
a. 1612 b. 1611 c. 1614 d. 1616



PAGTATAYA

Isulat ang wastong sagot sa iyong kuwadernong sagutan.

- Ang mga paaralang parokyal ay pinamahalaan ng mga _____.
a. guro
b. kagawad
c. pari
d. sundalo





2. Ang binigyang diin sa edukasyong primarya ay ang pagtuturo ng _____.
 - a. bibliya
 - b. doctrina cristiana
 - c. matematika
 - d. wika


3. Ang sumusunod ang mga kasanayang bokasyonal maliban sa isa. Ito ay ang _____.
 - a. pagpipinta
 - b. paglililok
 - c. pagkukulot
 - d. paggagamot

4. Ang mga paaralang normal ay itinatag upang sanayin ang mga lalaki at babae na maging _____.
 - a. doktor
 - b. guro
 - c. nars
 - d. manananggol

5. Ang sumusunod na pangungusap ay nagpapatunay na nagkaroon ng pormal na sistema ng edukasyon sa panahon ng Español maliban sa isa. Alin ito?
 - a. nagtatag ng mga pribadong pamprimarya at sekondarya
 - b. nagtatag ng mga paaralang normal para sa mga babae at lalaki na nais maging guro
 - c. nagtayo ng mga sentrong pangkompyuter upang magingng makabago ang pagtuturo
 - d. nagtatag ng mga pamantasan para sa mataas na antas ng pag-aaral

PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

Magsaliksik ka tungkol sa mga bayaning Pilipino na nagtapos sa mga paaralang naitatag noong Español.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.